

---

## Programa ng Pananaliksik sa Early Child Development: Early Development Instrument (EDI) Liham ng Informed Passive Consent para sa Magulang/Tagapag-alaga

### Pangunahing Imbestigador:

Martin Guhn, Ph.D., Katulong na Propesor at Pansamantalang Direktor, Human Early Learning Partnership (HELP), Paaralan ng Populasyon at Pamublikong Kalusugan (SPPH), at Faculty ng Edukasyon, University of British Columbia (UBC) (Telepono: 604-827-5784)

### Mga Kapwa Imbestigador:

Barry Forer, Katuwang sa Pananaliksik, HELP, SPPH, UBC (Telepono: 604-827-5782)  
 Alisa Almas, Katuwang sa Pananaliksik, HELP, SPPH, UBC (Telepono: 604-827-1518)

### Contact sa Proyekto:

Roberta O'Brien, Early Development Instrument (EDI) Lead sa Pagpapatupad, HELP, SPPH, UBC, (Telepono: 604-916-1051)

---

Sa Pebrero 2022, kukumpletuhin ng mga guro sa kindergarten sa paaralang elementarya ng iyong anakang **Early Years Development Instrument (EDI)** sa bawat isa sa kanilang mga estudyante. Ang EDI ay isang questionnaire na may kasamang mga tanong sa sosyal at emosyonal na pag-unlad, kalusugan at kabutihan ng kalagayan, wika at kognitibong pag-unlad, at kakayahan sa komunikasyon ng mga bata. Ang EDI ay binuo ng mga expert sa pag-unlad ng bata at mga mananaliksik sa Canada sa tulong ng mga guro sa kindergarten at administrador ng paaralan, at ginamit ito sa 12 sa 13 lalawigan ng Canada at mga teritoryo. Sa British Columbia (BC), pinondohan ng Ministries of Children and Family Development, Education, and Health ang pagkolekta at paggamit ng EDI nang mahigit sa 20 taon.

### SA ISANG SULYAP

- Kukumpletuhin ng guro sa kindergarten ng anak mo ang EDI sa bawat isa sa kanilang mga estudyante sa Pebrero, 2022;
- Ang EDI questionnaire ay idinisenyo para tulungan tayong maunawaan ang mga trend sa pag-unlad ng mga bata sa lebel ng populasyon, tulad ng sa census;
- Ang EDI ay **hindi** isang indibidwal na assessment ng anak mo at ang mga resulta ng EDI ng anak mo ay hinding-hindi ire-report nang indibidwal, sa halip, ang impormasyon sa EDI ng anak mo ay ire-report sa buod kasama ng mga ibang bata;
- Kung nais mong alisin ang anak mo sa paglahok sa pananaliksik na EDI, magagawa mo ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa guro ng anak mo o sa pangkat ng EDI sa Human Early Learning Partnership (HELP) (tingnan ang mga contact sa itaas);
- Ang EDI questionnaire at higit pang impormasyon ay makukuha sa: [www.earlylearning.ubc.ca/ediparent](http://www.earlylearning.ubc.ca/ediparent).

### Ano ang layunin ng project – paano makikinabang ang iyong paaralan at komunidad?

Ang layunin ng pagkokolekta ng impormasyon gamit ang EDI ay para mapabuti ang pag-unawa sa pag-unlad ng mga bata sa pagsisimula nila ng pag-aaral. Ang impormasyon mula sa EDI ay napatunayang mahalaga sa mga educator, distrito ng paaralan, mga health professional, mga early years service provider, at mga miyembro ng komunidad sa pagpapalano ng mga programa at mga suporta para sa mga bata at mga pamilya. Ang mga pamublikong institusyon, kabilang ang mga distrito ng paaralan, ay

gumagamit ng impormasyon ng EDI (mga datos) sa pagpapalano sa kanilang distrito ng paaralan. Gumagamit ang mga paaralan at komunidad ng impormasyong EDI para maunawaan ang pagganap ng mga bata sa mga pangunahing larangan ng pag-unlad at para magplano ng mga intervention. Ang nakuhang impormasyon mula sa EDI ay sumusuporta din sa pamumuhunan sa lalawigan, paggawa ng mga polisiya, at pagpapalano at pagsusuri ng programa.

Isinisiwalat ng pananaliksik gamit ang EDI data na may kaibahan sa mga kapitbahayan – na ang ilang kapitbahayan ay nagpapakita ng mataas na porsiyento ng mga bata na mahina sa mga key area ng kanilang pag-unlad, habang ang mga kapitbahayan ay may mababang mga porsiyento. Ang datos ng EDI ay makakapagbigay ng pananaw sa kung paano gumaganap ang mga bata sa Kindergarten at hikayatin ang mga talakayan tungkol sa mga factor na nakakaapekto sa maagang pag-unlad ng mga bata sa mga kapitbahayan sa buong lalawigan. Ang impormasyon mula sa EDI ay ginagamit para madagdagan ang kamalayan sa mga paraan kung paano tayo makakalikha ng mga kapaligiran kung saan ang lahat ng mga bata ay maaaring mamuhay at umunlad.

Ngayon ay isang panahon na di tulad ng dati para ituon natin ang ating atensiyon sa kalusugan ng mga bata at kabutihan ng kalagayan. Ang stress at pang-aabalang dala ng COVID-19 ay malaking alalahanin. Lahat ng mga bata at mga pamilya ay nasa peligro na makaranas ng mga dagdag na paghamon. Kritikal na magpatuloy sa pagkolekta ng data na nakakatulong sa ating salaminin at unawain ang maikli- at pangmatagalang mga epekto ng COVID-19 sa mga bata at mga pamilya ng BC.

### **Boluntaryo ang paglahok**

Ganap na boluntaryo ang pagkumpleto ng EDI na questionnaire para sa anak mo. Maaari mong alisin ang anak mo mula sa proyekto sa pamamagitan ng pag-aabiso sa guro ng anak mo o sa pangkat ng EDI sa HELP ([edi@help.ubc.ca](mailto:edi@help.ubc.ca)). Magkakaroon ka ng hindi bababa sa apat na linggo para suriin ang liham na ito at magpasya kung nais mong alisin ang anak mo bago makumpleto ang EDI na questionnaire ng kanyang guro. May slip ng pag-withdraw sa huling pahina ng informed passive consent na liham na ito. Maaari mo ring hilingin na ang isang EDI questionnaire na nakumpleto na para sa anak mo ng kanilang guro ay sirain sa pamamagitan ng pagsasabi sa guro ng anak mo o pakikipag-ugnayan sa pangkat ng EDI sa HELP ([edi@help.ubc.ca](mailto:edi@help.ubc.ca)). Para sa lahat ng lumalahok na mga bata, ang datos mula sa palatanungan ng EDI ay isasama sa mga ulat ng EDI at programa ng pananaliksik. Ang paglahok o di-paglahok sa EDI ay hindi makakaapekto sa grades ng anak mo o sa mga serbisyo na natatanggap ng pamilya mo mula sa paaralan o Distrito ng Paaralan.

### **Ano ang mangyayari?**

Bago kumpletuhin ang EDI questionnaire, ang mga guro ay kailangang kumuha ng pagsasanay sa kung paano kumpletuhin ang EDI. Ang EDI questionnaire ay nasa electronic (web-based) na format na kukumpletuhin online ng mga guro sa kindergarten sa bawat mag-aaral sa klase nila. Ang e-EDI system ay tumatakbo sa isang HELP server na hino-host ng UBC IT at nasa UBC. Para sa e-EDI, sasagot ang mga guro ng mga tanong tungkol sa limang bahagi ng development: 1) pisikal na kalusugan at well-being; 2) kagalingan sa pakikitungo sa kapwa; 3) emosyonal na paggulang; 4) wika at kognitibong pag-unlad; at 5) pangkalahatang kaalaman at kakayahan sa komunikasyon. Ang mga mag-aaral ay hinding-hindi direktang kasali sa pagkumpleto ng EDI questionnaire.

### **Paano poprotekhan, iso-store at gagamitin ang mga datos ng anak ko?**

Ang mga sagot ng guro sa mga tanong ng EDI ay **pribado at kumpidensyal**. Walang impormasyong idinaragdag sa record sa paaralan ng anak mo mula sa EDI questionnaire. Kapag ang data ng EDI ay ginamit sa mga lathalain sa pananaliksik o sa mga pampublikong dokumento, ang anak mo at ang paaralan ng anak mo ay hinding-hindi tutukuyin.

Para padaliin ang tumpak na pagkumpleto ng mga EDI questionnaire, ang school district mo ay magbibigay ng impormasyon sa HELP/UBC tungkol sa anak mo, kabilang ang kanilang pangalan, Personal

Education Number (PEN), petsa ng kapanganakan, kasarian at zip code. Ang pangalan ng anak mo ay gagamitin lang upang makumpleto ng guro ang questionnaire. Aalisin ang mga pangalan mula sa hanay ng mga datos ng EDI kapag nakumpleto ang EDI questionnaire. Ang personal na impormasyon tulad ng PEN ng anak mo, petsa ng kapanganakan, at zip code ay hiwalay na iso-store mula sa mga sagot ng guro sa EDI questionnaire para maprotektahan ang privacy ng anak mo. Responsable ang HELP sa pagpapanatiling ligtas at secure ng lahat ng data ng EDI at ang lahat ng datos ng EDI ay naka-store sa isang secure na research environment sa UBC. Marami pang impormasyon ang makukuha sa: <http://earlylearning.ubc.ca/safeguarding-personal-information/>

Ang data ng EDI na nasa HELP ay magagamit lang sa mga aprubadong research project **sa ilalim ng mga Federal at Provincial/Territorial na batas sa privacy**. Ang mga mananaliksik na mabibigyan ng pahintulot para gamitin ang mga datos ng EDI para sa pananaliksik o statistikal na layunin ay bibigyan ng data na hindi maikokonekta sa sinumang indibiduwal na mag-aaral (aalisin ang pagkilala sa mga indibiduwal na record ng EDI). Ang nakalap na mga datos gamit ang EDI questionnaire ay maaaring maugnay sa indibiduwal na level sa ibang data upang matutunan ang mga factor na nakakaimpluwensiya sa well-being, kalusugan at tagumpay sa paaralan ng mga bata. Halimbawa, ang mga datos ng EDI ay mauugnay sa data ng edukasyon para ipakita ang relasyon ng sosyal, emosyonal, kognitibo at pisikal na development at well-being ng mga bata sa kindergarten sa tagumpay na makakamit sa high school. Ang pananaliksik na ito ay magagamit upang abisuhan ang pagpapalano at mga intervention ng paaralan na nilalayan sa pagtataguyod ng tagumpay sa high school ng mga mag-aaral sa BC. Ang data na naka-link ay **maaari lang gamitin para sa mga layunin ng pananaliksik o istatistiko ng mga mananaliksik na aprubado ng HELP, sa ilalim ng aprubadong Kasunduan sa Pananaliksik, o para sa pagpapalano ng programa, pagsusuri, o layunin ng pananaliksik sa pamamagitan ng Kasunduan sa Pagbabahagi ng Impormasyon**.

Bilang may-hawak ng lisensya ng EDI, ang Offord Centre for Child Studies at McMaster University ay makakatanggap ng kopya ng HELP na mga datos ng EDI sa indibiduwal na lebel na protocol para sa lahat ng mga jurisdiction na namamahala ng EDI. Hindi kasama sa mga datos na ipinadala sa Offord Centre ang mga pangalan ng mga mag-aaral, Personal Education Number, o petsa ng kapanganakan. Ang mga zip code, kasarian, at buwan ng kapanganakan (hindi araw o taon) ay kasama para pahintulutan ang aprubadong pambansang pananaliksik tungkol sa mga kapitbahayan. Ang mga variable na ito ay hiwalay na naka-store mula sa mga datos ng EDI.

Isinisiwalat ng HELP ang indibiduwal na lebel na mga resulta ng EDI (datos) sa Ministries of Children and Family Development, Education, Health and Citizen Services para sa mga tiyak na layunin ng pagpapalano ng programa, pagsusuri, pananaliksik, o mga istatistiko. Pinagbabawalan din ang Ministries sa paggamit ng data para gumawa ng mga indibiduwal na lebel na mga pagtatasa o mga desisyon tungkol sa inyong anak.

### **Mga Ulat ng EDI**

Pinagsasama ng mga ulat ng HELP sa EDI ang mga resulta ng EDI mula sa paaralan at komunidad ng anak mo. Ang Mga Ulat ng EDI ay inihanda para sa mga indibiduwal na paaralan at mga distrito ng paaralan, kapitbahayan at lalawigan bilang kabuuan. Ang mga ulat ng paaralan ay direktang inilalaan sa mga distrito ng paaralan at paaralan, at hinding-hindi pampublikong ibinabahagi. Ang mga datos ng EDI ay hindi ginagamit para i-rank ang mga guro, paaralan, mag-aaral o mga klase sa anumang paraan. Inilalathala ng HELP ang mga pampublikong ulat ng komunidad at mapa ng kapitbahayan ng mga datos para suportahan ang pagpapasya patungo sa pagpapabuti ng mga polisiya, programa, at serbisyo para sa mga bata at mga pamilya. Ang mga ulat at mapang ito ay makukuha sa: <http://earlylearning.ubc.ca/maps/edi/>.

Ang Aboriginal Steering Committee ng HELP ay nagtaguyod ng protocol patungkol sa pag-ulat ng mga datos para sa mga Indigenous na bata. Sinisiguro ng protocol na ito na ang mga datos ay ginagamit para

suportahan ang sariling determinasyon ng Indigenous patungo sa pagpapabuti ng mga resultang nauugnay sa pag-unlad ng mga Indigenous na bata. Bagaman ang mga Indigenous na bata na pumapasok sa mga pampublikong paaralan at mga Independiyenteng paaralan na lumalahok sa pagkolekta ng EDI ng datos ay kasama sa datos ng EDI, hinding-hindi pampublikong inuulat ng HELP ang mga datos ng EDI para sa mga Indigenous na bata nang hiwalay, o ginagamit ang datos sa paghahambing. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bumisita sa <http://earlylearning.ubc.ca/edi/aboriginal-EDI/>.

**Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon sa proyekto?**

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bumisita sa website ng HELP sa [www.earlylearning.ubc.ca/edi](http://www.earlylearning.ubc.ca/edi). Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin, mangyaring kontakin si Roberta O'Brien, Namumuno sa Implementasyon ng EDI, sa pamamagitan ng email sa [edi@help.ubc.ca](mailto:edi@help.ubc.ca) o sa telepono sa 604-916-1051.


Kung mayroon kang anumang alalahanin o reklamo tungkol sa mga karapatan ng anak mo bilang kalahok sa pananaliksik, mangyaring makipag-ugnayan sa Research Participant Complaint Line sa Office of Research Ethics ng UBC sa University of British Columbia sa 604-822-8598, o kung long distance, mag-email sa [RSIL@ors.ubc.ca](mailto:RSIL@ors.ubc.ca) o tumawag nang toll free sa 1-877-822-8598. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Pangunahing Imbestigador sa numero o email na nasa ibaba.

Sumasainyo,



\_\_\_\_\_  
Name, Contact sa Lupon ng Paaralan sa EDI  
Title within School Board  
Telepono: # Email:-----

Dr. Martin Guhn  
Pansamantalang Direktor, Human Early Learning Partnership  
University of British Columbia  
Telepono: 604-827-5784



**Kung gusto mong alisin ang data ng anak mo, mangyaring lagdaan at isauli ang seksiyong ito sa guro ng anak mo.**

Pakisauli ang form na ito sa guro sa silid-aralan bago ang [ DATE ] kung **AYAW** mong lumahok ang iyong anak.

**Hindi** ko pinapayagan ang anak kong si [PANGALAN] \_\_\_\_\_ na lumahok sa Early Development Instrument (EDI) questionnaire na magaganap sa Pebrero.

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga: \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_

Paaralan: \_\_\_\_\_ Guro: \_\_\_\_\_